USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist Upang Iulat ang Hindi Karaniwang mga Pagkamatay

Habang ang lahat na nagpapalaki ng mga manok ay nagtatrabaho nang husto upang mapanatiling malusog at buo ang kanilang mga kawan, ang katotohanan ay sa kalaunan ay makakatagpo ka ng mga patay na ibon sa loob ng iyong kawan. Ngunit ano ang normal at kailan ka may problema? Mahalagang malaman kung kailan ka maaaring magkaroon ng isang isyu at kung ano ang aasahan mula roon. Bahagi ka man ng isang malaking komersyal na negosyo o nag-aalaga ng mga ibon bilang isang libangan, siguraduhin na alam mo kung kailan at kung paano mag-ulat ng mas mataas-kaysa-normal o hindi maipaliwanag na mga pagkamatay ng ibon.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaan na anumang di-pangkaraniwan, tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensyon ng tanggapan ng iyong kooperatiba agad-agad. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono para sa mga kontak sa iyong lugar. Kung mas maagang kumilos, mas madaling pigilan ang sakit sa loob ng isang kawan.

## Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

| Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! | **Numero ng Telepono** |
|---|---|
| Beterinaryo | ____________ |
| Ekstensiyon ng Tanggapan ng Kooperatiba | ____________ |
| Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok | ____________ |
| USDA | 866.536.7593 |

DEFEND THE FLOCK

BIOSECURITY

**Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**

United States Department of Agriculture

# Checklist: Mga tip para sa Pag-uulat ng Hindi Karaniwang mga Pagkamatay

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang planong pang-biosecurity na partikular sa lugar, mangyaring sundin ito. Dapat siguraduhin ng mga nag-aalagang pangkomersyal na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.

- [ ] **Alamin kung kailan dapat mag-alala:** Ang ilang pagkamatay ng ibon ay normal. Ang isang malaking porsyento ng mga patay o namamatay na ibon sa iyong kawan ay hindi normal.
- [ ] **Tanggalin ang mga dahilan na malinaw na nakikita**, tulad ng mga mandaragit, isyu sa panahon, o iba pang mga panlabas na kadahilanan. Hindi mo kailangang iulat ang mga pagkamatay ng ibon, ngunit isaalang-alang ang pagtugon sa sanhi upang maiiwasan mo itong mangyari ulit.
- [ ] **Kung nakakita ka ng mga palatandaan ng sakit sa iyong kawan, bigyang pansin ang iyong nakikita.**
- [ ] **I-ulat kaagad ang anumang mga palatandaan ng sakit** o hindi maipaliwanag na mga pagkamatay sa mga opisyal ng kalusugan sa hayop. Makakatulong ito upang maiwasan ang pagkalat ng sakit at protektahan ang mga kalapit na kawan.

**Maghanap ng mga palatandaan ng sakit:**

- *Nabawasan ang enerhiya o ganang kumain*
- *Mas kaunti ang pangingitlog; malambot na mga itlog o wala sa hugis na mga itlog*
- *Pamamaga ng ulo, talukap ng mata, palong, wattle, at paa ng manok*
- *Pagiging kulay lila o pangingitim ng mga wattle, palong, at paa*
- *Hirap sa paghinga*
- *May sipon, bumabahing*
- *Pag-twist ng ulo at leeg*
- *Nadadapa o natutumba*
- *Pagtatae*
- *Nabawasan ang aktibidad*
- *Mga panginginig*
- *Pag-ikot*
- *Ganap na paninigas/kawalang-kilos*

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano panatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-7TL | Inilabas Hulyo 2019

Ang USDA ay isang tagapag-empleyo, tagapagpahiram at tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon.